



PATNUBAY SA MISA



16 Mayo 2021 Dakilang Kapistahan ng Pag-akyat sa Langit ng Panginoon Taon B

IKA-55 LINGGO NG KOMUNIKASYONG PANDAIGDIG

Ang Pagsusugo ni Kristo ng Kanyang mga Alagad

Tayo ay nagdiriwang ng Linggo ng Pag-akyat ng Panginoong Hesukristo sa Langit. Nakatuon ang ating Mabuting Balita sa pagsusugo ni Kristo ng kanyang mga alagad sa lahat ng sulok ng daigdig. Ito ay naganap bago ang kanyang Pag-akyat sa Langit. Hindi ang krus at ang libingan ang katapusan ng buhay ni Hesus. Ang kanyang maluwalhatang pagkakaluklok sa kanan ng Ama ang siyang hantungan ng lahat ng kanyang ginawa. Tayong mga alagad ni Kristo ay isinusugo niya upang mangaral ng Mabuting Balita ng kaligtasan. Ang hirap na ating daranasin sa gawaing ito ay mauwi rin sa ating pakikiisa sa kaluwalhatian sa langit ng ating Panginoon. Sa taong ito kung kailan ginugunita natin ang ika-500 taon ng pagdating ng Pananampalatayang Kristiyano sa Pilipinas, tayong mga Pilipino ay isinusugo rin ng Panginoon sa iba't ibang sulok ng daigdig upang magpatotoo sa ating pananampalataya.



Ngayon din ang Araw ng Pamamahayag sa Daigdig. Lahat nawa ng mga mamamahayag sa radyo, telebisyon, at limbagan ay kasihan ng Espiritung isusugo ni Kristo upang ipalaganap ang katotohanan at makaakyat din

PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Taga-Galleang tanan, ang inyong pinagmamasdang umakyat sa kalangitan ay magbabalik din naman. Aleluya, s'ya'y awitan!

Pagbati

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong maluwalhatang umakyat sa langit, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B—At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Madalas ay nakapako ang ating

paningin sa lupa. Humingi tayo sa Diyos ng tawad para sa ating hindi pagtingala sa langit kung saan nakalulok sa kaluwalhatian si Kristo. (Manahimik saglit.)

P—Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa iyong kaluwalhatian sa kanan ng Ama, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa aming pakikiisa sa kaluwalhatian iyong natamo, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kakulangan ng pagmamahal sa mga taong paghahatiran namin ng Mabuting Balita ng kaligtasan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapang-

yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok

This issue of *Patnubay sa Misa* may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI - # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. Thank You!

sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, gawin mong kami ay magkaroon ng banal na kagalakan at makapagdiwang nang may utang na loob sapagkat ang iyong Anak na aming Manunubos ay siyang tagapaghanda ng aming pananahanan na kanyang pinanggalingan upang kami’y panguluhan at kanyang tinunguhan upang maging pag-asa kailanman ng sambayanan niyang kanya ring katawan bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gw 1:1-11*

Ang lahat ng bagay ay may katapusan. Para kay Hesus, ang lahat ay nagtatapos sa kanyang maluwalhating pag-akyat sa langit. Ito rin ang kahihinatnan ng kanyang mga alagad na magpapatotoo sa kanya sa lahat ng dako ng daigdig.

L—Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Mahal na Teofilo: Isinalaysay ko sa aking unang aklat ang lahat ng ginawa at itinuro ni Hesus buhat sa pasimula hanggang sa araw na siya’y umakyat sa langit. Bago siya umakyat, tinagubilinan niya, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang mga apostol na kanyang hinirang. Pagkatapos ng kanyang pagbabata, maraming ulit siyang napakita sa kanila. Sa gayon, napatunayang siya’y buhay. Napakita siya sa kanila sa loob ng apatnapung araw at nagturo tungkol sa paghahari ng Diyos.

At samantalang siya’y kasama-sama pa nila, kanyang tinagubilinan sila: “Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo. Nagbinyag nga sa tubig si Juan, ngunit di na magtatagal at bibinyagan kayo sa Espiritu Santo.”

Kaya’t nang magkasama-sama si Hesus at ang mga alagad, nagtanong ang mga ito, “Panginoon, itatag na ba ninyong muli ang

kaharian ng Israel?” Sumagot siya, “Ang mga panahon at sandali ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon. Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.”

Pagkasabi nito, siya’y iniakyat sa langit samantalang nakatingin sila sa kanya; at natakpan siya ng ulap. Habang sila’y nakatitig sa langit, dalawang lalaking nakaputi ang biglang tumayo sa tabi nila. “Mga taga-Galilea,” sabi nila, “bakit kayo narito’t nakatingala sa langit? Itong si Hesus na umakyat sa langit ay magbabalik tulad ng nakita ninyong pag-akyat niya.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!


Salmong Tugunan *Awit 46*

B—Habang umaakyat ang D’yos, ang tambuli’y tumutunog!

R. M. Velez



Ha-bang u--maakyat ang D'yos,



ang tambu--li'y tumu--tu---nog!

* Magdiwang ang lahat ng mga nilikha, pumalakpak kayong may awit at tuwa! Bilang pagpupuri sa Diyos na Dakila! Ang Diyos na Poon, Kataas-taasan, ay dakilang haring dapat katakutan. Siya’y naghahari sa sangkatauhan. **B.**

* Umakyat sa trono ang Panginoong Diyos, hatid ng tambuling malakas ang tunog; masayang sigawan ang ipinansuob. Purihin ang Diyos, siya ay awitan, awitan ang hari, siya’y papurihan! **B.**

* Ang Diyos, siyang hari ng lahat ng bansa, awita’t purihin ng mga nilikha! Maghahari siya sa lahat ng bansa, magmula sa tronong banal at dakila. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ef 1:17-23*

Ang Espiritu ng karunungan at tunay na pagkakilala kay Kristo ang handog ng Diyos sa Kanyang mga anak. Siya ang tutulong sa kanila upang magpatotoong ang Panginoong Hesus ay muling

nabuhay at ngayo’y nakaluklok na sa kanan Niya.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid:

Hinihiling ko sa Diyos ng ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. Nawa’y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito’y ang kaluwalhatian ng inilaan niya sa kanyang mga hinirang, at ang walang hanggang kapangyarihan niya sa atin na mga nananalig sa kanya.

Ang kapangyarihan ding iyon ang muling bumuhay kay Kristo at nagluklok sa kanya sa kalangitan, sa kanan ng Diyos. Kaya’t nasa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan. Higit ang kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating. Ipainailalim ng Diyos sa kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng bagay, at siya ang ginawang ulo ng Simbahan. Ito ang katawan ni Kristo, ang kapuspusan niya na pumupuspos sa lahat-lahat.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya *Mt 28:19-20*

B—Aleluya! Aleluya!

Humayo’t magturo kayo paglaging kasama ako hanggang sa wakas ng mundo.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mc 16:15-20*

Ang ating sipi ng Ebanghelyo ngayon ay ang pagtatapos ng Mabuting Balita ayon kay San Marcos. Nasa pananampalataya kay Kristo at pagtanggap ng Sakramento ng Binyag ang kaligtasan. Ang pangangaral ng mga alagad ay kinasihan ng Panginoon sa pamamagitan ng mga kababalaghan. Samahan din sana natin ang ating pangangarap ng kababalaghan ng ating pagbabagong-buhay.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Napakita si Hesus sa Labing-isa at sinabi sa kanila, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo sa lahat

ang Mabuting Balita. Ang sumampalataya at mabinyagan ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay parurusahan.

Ang mga sumampalataya ay magtataglay ng ganitong tanda ng kapangyarihan: sa pangalan ko'y magpapalayas sila ng mga demonyo at magsasalita ng ibang wika; sila'y hindi maaano, dumampot man ng ahas o uminom ng lason; at gagaling ang mga maysakit na mapatungan ng kanilang mga kamay."

Pagkatapos magsalita sa kanila, ang Panginoong Hesus ay iniakyat sa langit, at lumuklok sa kanan ng Diyos.

Humayo nga ang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako. Tinulungan sila ng Panginoon sa gawaing ito. Pinatotohanan niya ang Salitang kanilang ipinangangaral sa pamamagitan ng kapangyarihang gumawa ng himala, na ipinagkaloob niya sa kanila.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Manalangin tayo sa Diyos na lumakas ang ating pananalig kay Kristong maluwalhating naka-

luklok sa kanan ng Ama. Hingin nating maging mga mabisa tayong tagapangaral ng Mabuting Balita. Ang ating sasambitin ay:

B—Amang nagluklok kay Hesus sa kaluwalhatian, dinggin Mo kami!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging masigasig sila sa pagpapatotoong si Hesus ay muling nabuhay at ngayo'y maluwalhating nakaluluklok sa kanan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga Kristiyano sa ating kapuluan, upang sa taong ito ng paggunita sa ika-500 taon ng pagdating ng Pananampalatayang Kristiyano sa Pilipinas ay tumingala sila sa langit at mapuspos ng Espiritu ng tapang at sigasig, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang matanto nilang ang kanilang talagang tungkulin ay ihanda ang ating mga kababayan para manahan sa langit na ating tunay na tahanan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga taong nagtalaga ng sarili sa pamamahayag ng katotohanan sa radyo, telebisyon, at limbagan, upang kasihan sila ng Espiritu ng katotohanang siyang magpapalaya sa sangkatauhan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang sa bisa ng Salita ng Diyos at ng Banal na Eukaristiya ay mapuspos tayo ng Espiritung Banal na isusugo ni Kristo at tunay na magpatotoo sa kanya sa lahat ng dako ng daigdig, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! **B.**

P—Ama naming nagluklok kay Hesus sa tugatog ng tagumpay at kaluwalhatian, isugo Mo sa amin ang Espiritu ng karunungan at tunay na pagkakilala kay Kristo at nang maikalat namin ang Mabuting Balita ng kaligtasan sa sandaigdigan. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng Iyong

maluwalhating Anak na si Hesus-kristong aming Panginoon.

B—Amen!



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, pakundangan sa pag-akyat ng Anak mong mahal ginaganap namin ang paghahain nang may kapakumbabaan at ipagkaloob mong sa ganitong pagpapalitan ng mga kaloob mo at ng aming mga alay kami ay makasalo sa pagkabuhay at pag-akyat sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo ng Pag-akyat sa Langit I

P—Sumainyo ang Panginoon!

B—At sumaiyo rin!

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B—Itinaas na namin sa Panginoon!

P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B—Marapat na siya ay pasalamatan!

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kasamaa't kamatayan matapos na lupigin ng Anak mong si Hesus na Panginoon namin, siya ngayo'y umakyat sa iyong piling bilang Haring dakilang sinasamba ng mga anghel. Siya ang aming tagapamagitan nakikiusap sa iyo para sa tanan. Siya ang tagapasya sa lupa't kalangitan. Hindi niya iwinaksi ang aba naming pagkatakaw sa pagluklok sa kanan mo. Sapagkat kami ang katawan at siya ang ulo, ang pag-akyat niya'y katiyakang sasapit kami sa iyo.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B– Aming ipinahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Palaging kasama ako, palaging kapiling ninyo hanggang sa wakas ng mundo, ang sabi ni Hesukristo. Aleluya, awit sa’yo!

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, pinagkakalooban mo kami ng pagkakataon na akuin sa lupa ang ginagawa mo at nilalayan. Gawin mong ang loobin namin ay matu-

on sa iyong pinaglululukan sa Anak mo ngayon upang kaparis naming tao sa piling mo siya’y mamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B –Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristong niluwalhati.

B– Salamat sa Diyos!

Ang Apostolikong Liham ni Papa Francisco (*PATRIS CORDE*) sa Ika-150 Taon ng Pagpapahayag kay SAN JOSE bilang Tagapagtanggol ng Buong Simbahan
(*P. René T. Lagaya, SDB*)

Ikalimang Bahagi: Ang Amang may Malikhaing Tapang

Kung ang unang yugto ng anumang uri ng panloob na paghilom ay ang pagtanggap sa ating sariling kasaysayan at sa pagyakap kahit ng mga bagay sa buhay na hindi natin pinili, dapat nating idagdag ang isa pang mahalagang sangkap. Ito ay ang malikhaing tapang. Ito ay kinakailangan lalo na sa pagharap sa mga hirap. Sa harap ng hirap ay maaari tayong sumuko at tumakas, o maaari rin namang harapin ito nang buong tapang. Kung minsan ay pinalilitaw ng mga hirap sa buhay ang ating mga kakayahang lingid sa ating kaalaman.

Tulad ng ating nababasa sa mga paglalahad ng kamusmusan ni Hesus, madalas ay namamangha tayo bakit hindi kumilos ang Diyos sa paraang hayagan at malinaw. Ang Diyos ay kumikilos

sa pamamagitan ng mga pangyayari at ng mga tao. Si Jose ay hinirang ng Diyos upang gabayan ang simula ng kasaysayan ng ating kaligtasan. Siya ang tunay na himala na ginawa ng Diyos para iligtas ang Banal na Magina. Kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala sa malikhaing tapang ni Jose. Sa pagdating nila sa Betlehem ay wala silang mahanap na matutuluyan, kung saan maaaring magluwal ng sanggol si Maria, kaya natagpuan ni Jose ang sabsaban at ito ay kanyang isinaayos para maging tahanang sasalubong sa pagsilang ng Anak ng Diyos sa ating daigdig. Noong naharap sila sa panganib dahil sa pagtatangka ni Herodes na patayin ang Sanggol, bumangon si Jose sa kalaliman ng gabi, pagkatapos mabalaan sa panaginip na kailangan niyang ipagtanggol ang Sanggol, at lumikas silang patungo sa Egipto.

Ang pahapyaw na pagba-

basa ng mga kuwentong ito ay maaaring magbigay sa atin ng pag-aakalang ang daigdig ay nasa kamay ng mga malalakas at makapangyarihan. Ngunit ang Mabuting Balitang dala ng Ebanghelyo ay nagpapakitang sa harap ng kapalaluan at dahas ng mga makapangyarihan sa daigdig na ito ay laging nakahahanap ang Diyos ng paraan upang isakatuparan ang Kanyang plano ng kaligtasan. Kaya nga kung minsan, ang ating mga buhay din ay parang nasa kamay ng mga makapangyarihan, subalit ang Ebanghelyo ay nagtuturo kung ano ang talagang mahalaga. Laging nakahahanap ang Diyos ng paraan para tayo ay mailigtas, kung kaya nating ipamalas ang malikhaing tapang ng anluwage ng Nazaret. Kinaya niyang baligtarin ang suliranin at gawin itong daan ng pagtitiwala sa pangangalaga ng Diyos.

Kahit minsan ay mistu-

lang hindi tayo tinutulungan ng Diyos, hindi naman ibig sabihin nitong pinabayaan na Niya tayo. Sa halip ay hinihimok Niya tayong mag-isip, maging malikhain, at maghanap ng lunas sa ating mga suliranin.

Ang ganitong malikhaing tapang ang ipinakita ng mga kaibigan ng lumpo, na siyang naghugos sa kanilang kaibigan mula sa bubungan upang mailapit siya kay Hesus. Hindi naging hadlang ang hirap sa tapang at katatagan ng mga kaibigang ito. Tiyak nilang mapagagaling ni Hesus ang lumpo at nang hindi na nila maipasok sa bahay ang kanilang kaibigan dahil sa dami ng mga tao ay umakyat na sila sa bubungan at inihugos siya sa butas na kanilang ginawa. Nang mamalas ni Hesus ang kanilang pananampalataya ay kanyang sinabi sa lumpo: “Kaibigan, pinatatawad ka na sa iyong mga kasalanan” (*Lucas 5:20b*). Nakita ni Hesus ang malikhaing pananampalataya na siyang nag-udyok sa kanilang ilapit sa kanya ang kanilang kaibigang may kapansanan.

Hindi binabanggit sa Ebanghelyo kung gaano katagal namalagi sa Egipto sina Maria, Jose at ang Bata. Tiyak na kinailangan din nilang kumain, maghanap ng tirahan at ng pagkakakitaan. Hindi kailangan ng matayog na pag-iisip upang malaman ang mga bagay na ito. Ang Banal na Mag-anak ay naharap sa mga suliranin, tulad ng ibang mag-anak. Sila ay tulad din ng mga mag-anak na mga lumikas sa kanilang bayang tinubuan upang makipag-

sapalaran at takasan ang gutom at kasamaang-palad. Dahil dito, itinuturing ko si San Jose bilang kakaibang tagapagtaguyod ng mga taong napilitang lumikas sa kanilang sariling bayan dahil sa digmaan, pang-aapi, at kahirapan.

Sa katapusan ng bawat yugto kung saan kasama si Jose ay binabanggit ng Ebanghelyong bumabangon siya, kinukuha ang Bata at ang kanyang ina, at ginagawa ang iniuutos ng Diyos. Totoo ngang si Hesus at ang kanyang Inang si Maria ang pinakamahalagang kayamanan ng ating pananampalataya.

Sa plano ng kaligtasan ng Diyos, ang Anak ay hindi maihihiwalay sa kanyang Inang si Maria. Si Maria ay umusad sa kanyang paglalakbay ng pananampalataya at tapat na pinangatawanan ang kanyang pakikiisa sa kanyang Anak hanggang sa krus.

Dapat din nating laging isipin kung atin ding iniingatan sina Hesus at Maria, dahil sila rin ay ipinagkatiwala sa ating pangangalaga at pag-iingat sa isang mahiwagang paraan. Ang Anak ng Makapangyarihan ay naparito sa ating daigdig na puno ng kahinaan. Kailangan siyang ipagtaggol, ingatan, alagaan, at palakihin ni Jose. Pinagkatiwalaan ng Diyos si Jose, tulad din naman ng pagtitiwala ni Maria sa kanya. Para kay Maria, si Jose ay hindi lamang ang magliligtas sa kanya, kundi siya ring laging mag-aalaga sa kanya at sa kanyang Anak. Sa ganitong paraan, si San Jose ay talagang Tagapag-

adya ng Simbahan, dahil ang Simbahan ang karugtong ng Katawan ni Kristo sa kasaysayan, tulad ng paglalarawan ng pagiging Ina ni Maria sa pagiging Ina ng Simbahan. Sa kanyang tuloy-tuloy na pagtatanggol sa Simbahan ay itinutuloy ni Jose ang kanyang pagtatanggol sa Bata at sa kanyang Ina. Tayo rin naman, sa ating tuloy-tuloy na pagmamahal sa Simbahan ay ating itinutuloy ang ating Pagmamahal sa Bata at sa kanyang Ina.

Ang Batang iyon ang mag-sasabi: “nang gawin ninyo ito sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, ito ay sa akin ninyo ginawa” (*Mateo 25:40b*). Dahil dito, ang bawat hamak, nangangailangan, naghihirap o naghihingalo, ang bawat dayuhan, napipiit, at maysakit ay ang Batang ipinagtatanggol ni Jose. Sa dahilang ito, si San Jose ay tinatawagan bilang tagapagtaggol ng mga aba, nangangailangan, lumikas sa ibang bansa, nahihirapan, dukha, at nasa bingit ng kamatayan. Kaya nga, ang Simbahan ay hindi maaaring ipagkait ang kakaibang pagmamahal para sa mga pinakahamak sa ating mga kapatid. Si Hesus naman ay nagpamalas din ng kakaibang pagtingin sa kanila at naging tunay na kaisa nila. Kay San Jose tayo dapat matuto ng ganitong pangangalaga at paggawa. Kailangan tayong matuto kay San Jose kung paano magmamahal sa Bata at sa kanyang Ina, sa mga sakramento at sa pagkakawanggawa, sa Simbahan at sa mga kapuspalad. Ang lahat ng ito ay siya ring maihahambing sa Bata at sa kanyang Ina.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua